

1

“Dali! Makakatakas na siya,” sabi ni Che kay Lulu dahil lumalayo na ang distansya sa pagitan ng kanilang police patrol car sa hinahabol nilang salarin na nakasakay sa motorbike.

Nakasuot ito ng black cycling helmet, itim na jacket at denim jeans, dala ang hinablol na bag mula sa babaeng biktima.

Pinindot niya ang busina kahit may sirena na kaya napatingin si Lulu sa kanya. Kulang na lang ay agawin din niya ang manibela rito.

“Ibaba mo ako diyan,” utos niya nang makilala ang lugar. Alam niyang sa dulo niyon ay pakurba pabalik sa kabilang kalye.

“Che, teka... huwag mong sabihing tatakbo ka na lang? Hindi naman ako ganoon kabagal magmaneho.” Akala yata nito ay nairita siya.

“Trust me. May plano ako,” nakangiti niyang sabi at bumaba na nang itigil ni Lulu ang kotse.

“Sundan mo lang siya, magkita tayo sa kabilang kalye,” bilin niya bago tumakbo sa iskinitang

nagkokonekta sa dalawang kalsada.

Mayamaya pa ay namataan niyang paparating ang snatcher. Hindi aninag ang hitsura nito dahil sa heavily tinted na visor ng makapal na helmet.

Pasalubong na ito sa kanya kaya inihanda niya ang sarili at hinawakan ang baril sa holster. Pero lumiko ito papasok sa isang malaking gusali.

“Tigil!” sigaw niya at tumakbo nang makitang patuloy pa rin ito.

Namataan ni Che na paakyat ng rampa ang motorsiklo kaya sinundan niya. Sandali siyang tumigil sa palapag kung saan niya nakitang pumasok ang salarin. Inilibot niya ang tingin habang hinahabol ang hininga. Namataan niyang pinabagal nito ang motorbike para pumarada.

Ito na ang pagkakataong hinihintay niya. Wala sa paligid ang atensyon nito. Mabilis siyang tumakbo palapit dito. Bahagyang nagulat si Che dahil mas malaki at mataas ito sa kanyang inaasahan.

Sa taas niyang limang talampakan at anim na pulgada, idagdag na ang taas ng suwelang ng kanyang sapatos, umaabot lamang siya sa baba nito sa tantya niya. Pero hindi siya natinag. Agarang hinablot niya ito habang nakatalikod.

Nagulat ang lalaki kaya hindi siya nahirapang isalya ito sa sahig. Padapa itong natumba. Saka niya ito nilagyan ng posas.

Nagulat si Che nang mapansing kaylambot ng mga palad ng lalaki at napakalinis ng mga kuko. Napansin din niyang ang bango-bango nito.

Kaya siguro nagnanakaw kasi ayaw magbanat ng buto. Madaming luho!

May sinasabi ang lalaki pero hindi niya maintindihan dahil sa nakasaklob sa ulo nito. Tinanggal niya ang helmet nito. May suot din palang face mask. Inalis din iyon ni Che.

Sinubukan siyang lingunin ng lalaki pero hindi nito iyon magawa dahil nakadagan siya rito.

Hindi pa niya kita ang mukha, pero gaya ng mga kamay, malinis ang maikling buhok ng lalaki na bahagyang nagulo dahil sa pagkakaalis ng helmet.

“Huwag ka nang pumalag. Masasaktan ka lang,” aniya rito.

“Excuse me?” Sinusubukan pa rin nitong lumingon. “I mean, Officer, bakit n’yo ako hinuhuli?” Nakita siguro ang asul niyang *PNP* patrol shirt. “Ano’ng nagawa kong mali?”

At ang ganda rin ng boses!

“Ganyan naman kayong lahat, kapag inaaresto na, aamong parang tupa at nagmamaang-maangan,” sagot niya. “Saan mo tinago ”yung bag?”

“What bag? I really don’t know what you’re talking about. There must be some kind of misunderstanding,” protesta ng lalaki. “And by the way, you’re really hurting my arm.”

“Nag-i-Ingles ka pa, ha?” Lalo siyang nainis at diniinan ang pagtuhod sa likod nito.

May nagsalita sa kanyang radyo. “Santos, come in.”

“Come in, Lulu,” sagot nito.

Pareho sila ng apelyido ni Lulu bagaman hindi sila magkaano-ano. Hindi niya ito tinatawag na Santos para hindi sila magkalituhan.

“Che, nahuli na ang snatcher,” masayang balita nito. “Tumulong iyong mga tagarito.”

“Ano? Imposible. Hawak ko ngayon ”yung suspect,” nagtatakang sabi niya.

“Huh? ’Asan ka ba, Che?” Tila naguluhan din si Lulu.

“Lulu, tawagan kita mamaya,” sabi na lang niya.

Bahagyang nag-alinlangan na si Che habang nakatingin sa likod ng lalaki. *Baka inosente nga siya?*

May tumunog na cellular phone. Nanggagaling sa bulsa ng salarin.

Muling nagsalita ito. “Puwedeng pakisagot?”

Nanlaki ang mga mata ni Che sa narinig. *Ang kapal nito, inuutusan pa ’ko!*

“Ano’ng akala mo sa ’kin, personal assistant mo?”

“Importante ’yan,” sagot nito. “And how can I pick it up when you’re holding me down and you have my hands cuffed behind my back?” sarkastikong tanong nito. “I’m serious! It’s a matter of life and death,” iritadong sabi nito nang hindi pa rin siya kumikilos.

Dapat nga, hindi ka puwedeng sumagot ng phone.

Saka naalala ni Che na hindi pa pala niya nasasabi ang mga karapatan nito. Nakalimutan niyang basahan ng *Miranda rights* ang lalaki!

Sana ay hindi nito napansin iyon. Susundin na lang niya ang pakiusap nito bago siya maireklamo.

Kinapa niya ang bulsa nito at nang mailabas ang cellphone ay napansin niyang mamahalin ang brand

niyon at latest ang modelo. Nalito pa nga siya kung ano ang pipindutin para masagot ang tawag.

Kaya hindi rin nakaligtas sa kanyang paningin kung sino ang tumatawag.

Judge Nonoy Alvarado?

Bakit kaya tinatawagan ito ng isang hukom? Hindi kaya siyang mastermind sa mga krimen? At itong nahuli niya ay isa lamang amuyong.

“Pwedeng pakidalian?” putol ng lalaki sa iniisip niya.

Inirapan niya ito at pinindot ang answer key.

Nagkainteres siya kung ano ang pag-uusapan ng dalawa. Baka nga isa itong sindikato.

Inilapit niya ang phone sa tainga nito. “Hello? I know, your Honor. I was on my way...” Parang naiinis ito dahil sa naririnig mula sa hukom. Tila pinapagalitan ito.

“I’m aware I’m supposed to be there during the arraignment of the defendant. But I’m being held down at the moment, your Honor,” paliwanag nito. “Mistakenly identified as someone else. Your honor, this is an odd request but... can we postpone the arraignment schedule?”

Parang lalong nagsisigaw ang nasa kabila bago tinapos ang tawag.

Noon na-realize ni Che. Totoo yatang hindi ito ang salaring hinahabol nila. Parang isa itong abogado.

“Tingnan mo ang ginawa mo!” narinig niyang galit na sumbat ng lalaki. “Dahil sa iyo, baka mapawalang-sala ang isang mamamatay-tao.”

Lumapit sa kanila ang isang driver na kakaparada lang ng sasakyan. “Ma’am, ano’ng nangyari?”

Tiningnan niya ito nang masama. “Inaaresto ko siya. Nagnakaw siya.”

“Ano’ng ninakaw ko? Wala kang ebidensya,” protesta ulit ng lalaki. “Di ba may tumawag na nga sa ’yo na nahuli na ’yung totoong suspect? Can you get off of me now? I need to attend that court proceeding.” Talagang buwisit na ito.

Dali-daling lumayo ang usiserong driver. Mukhang ayaw nang madamay.

Dahan-dahang tumayo si Che, napagtantong sobrang palpak niya. *Malas naman.*

“Hindi mo ba ’ko tutulongang makabangon?” inis na utos ng lalaki nang maramdamang wala na ang bigat niya sa likod nito. Hirap pa rin itong kumilos

dahil sa posas.

Wala siyang nagawa kundi alalayan ito.

Sususian na sana ng dalaga ang posas kaso agad na humarap sa kanya ang lalaki nang makuhang tumayo na mag-isa. At natabig nito ang kanyang kamay kaya nabitawan niya ang susi. Tumilapon iyon at hindi niya napansing nahulog iyon sa malapit na drainage system.

Nagulat ang lalaki nang sa wakas ay makita ang nanghuli rito. Bahagya itong natigilan at nawalang parang bula ang galit. Kumalma ito at pinigilan ang mapangiti.

Hindi naman napansin ni Che ang reaksyon nito dahil abala ang dalaga sa paghahanap ng susi.

“Ano’ng pangalan mo?” narinig niyang tanong ng lalaki.

Saka lang inangat ni Che ang mukha para tingnan ito. Tamang-tamang nagkasalubong ang kanilang mga paningin. Nakatitig pala ito sa kanya.

Bahagyang natigilan ang dalaga. Bukod sa pagiging matangkad ay napakakisig din pala ng inaresto. Classic taper ang gupit ng itim nitong buhok. Deep set ang mga mata na kulay dark brown,

pinarisan ng may katangusang ilong. Tinapatan iyon ng mapupula at maninipis na labi. Kapansin-pansin din ang prominente nitong panga.

May karakter ang mukha, hindi maamo pero tila palaging in control tulad ng tinig nito. At moreno. Napansin niyang tila hindi nito inaalala ang hitsura. Hinayaan nitong tumubo ang maninipis na balbas at bigote sa mukha. Nakasuot ito ng faded na maong at T-shirt na gray sa loob ng itim na jacket. Naka-rubber sapatos. Rugged na rugged ang hitsura.

Sa tingin niya ay nasa treinta ang edad nito. Pero may kung anong magnetically attractive dito. Hindi maikakaila na lalaking-lalaki ang dating. Matipuno at mukhang malakas ang pangangatawan. Naisip niya na kung ngingiti lamang ito, siguradong madaragdagan lang ang karisma at kisig.

Sinaway niya ang sarili. *Bakit ko ba naiisip iyon?*

Naalala ni Che ang kasalanan niya. Paano niya ngayon lulunukin lahat ng sinabi niya at babawiin ang mga ibinintang?

Pero nagtaka rin si Che. Hindi na nagsalita ulit ang lalaki. Inaasahan niyang bubulyawan siya nito at mumurahin. Sa halip, nakatitig lang ito sa kanyang mukha. Naisip tuloy niyang tinatandaan na ang

hitsura niya para ireklamo.

“Sabi ko, ano’ng pangalan mo?” ulit ng lalaki.

“Sa...Santos,” nag-aalinlangang sagot niya.

“Yun lang? Hindi mo ba alam na isa ang Santos sa mga pinaka-common na apelyido? Saka marunong akong magbasa,” dagdag nito nang manatili siyang tahimik. Nakatingin ito sa mga dilaw na letrang nakatitik sa bandang dibdib ng patrol shirt niya.

Santos S.

“Bakit mo gustong malaman? Magsasampa ka ng reklamo?” kunot-noo niyang sabi.

“Eh, kung sabihin kong oo?” Nakataas ang kilay nitong sabi at sumeryoso. “Unang-una, inaresto mo ako nang hindi mo man lang muna sinabi ang kasalanan ko at binasahan ng mga karapatan ko. Ang manahimik o magsawalang-kibo, ang kumuha ng abogado ko bilang respeto sa karapatang-pantao ko. Puwede rin kitang ireklamo ng brutality. Hanggang ngayon, nakaposas pa ako, alam mo na ngang hindi ako ’yung suspect na tinutugis mo,” paliwanag nito.

Pinagpawisan si Che ng malamig. Talunan niya itong tiningnan. “Yun nga ang problema. Hindi ko makita ’yung susi,” pag-amin niya.

“Ano? Paano na?” Bumalik ang inis nito.

“Sandali,” aniya at tinawagan si Lulu para sa reserbang susi. Ang kaso, papunta na ito sa presinto para maproseso na ang custodial investigation ng salaring nahuli. Dala-dala rin nito ang bag na nahablol sa babae kaya matibay ang ebidensya nila. Tatagpuin nito ang biktima sa presinto para pormal nang masampahan ng kaso ang snatcher. Sumunod na lang daw siya.

Lalo siyang magagalit kaya kailangan kong magpakumbaba.

“Pasensya na, pero kailangan nating pumunta sa presinto para maalis natin ‘yang posas mo,” paumanhin ni Che. “I admit I mistook you for someone else because of your built, attire and your vehicle. I sincerely apologize for my misjudgement.” Naalala niya ang mga panahon na nasa dati siyang trabaho.

She was a flight stewardess before she became a policewoman. Sanay siyang humarap sa mga nagagalit na pasahero. “I do not blame you if you will pursue filing a report against me. I think it will help us provide better services.” Lagi rin niyang sinasabi iyon noon. Bahagya niyang nginitian ang kaharap, umaasang mababawasan ang galit nito.

“O, bakit maamong tupa ka na ngayon at nag-i-Ingles ka na din?” tanong ng lalaki na bahagya pang ngumiti na parang nang-aasar.

That boyish smile only added to his handsomeness.

Is he torturing me? Ginagamit pa laban sa akin ang mga sinabi ko sa kanya kanina.

Parang gusto niya tuloy itong sungitan, pero baka madagdagan lang ang lista ng reklamo nito sa kanya.

“May hairpin ka ba or paper clip or any thin slender metal?”

Takang napakunot si Che sa lalaki bago, “Sabi na nga ba kasabwat ka! See, you even know how to pick locks!” wala sa loob niyang naibulalalas nang maintindihan ang balak ng lalaki. Kulang na lang ay sabihin niyang sanay nga itong magnakaw.

“I was expecting you to unlock these handcuffs.” Sumatsat ito bago muling ngumiti nang pauyam. “... kung marunong kang dumiskarte.”

Napasimangot siya. “Are you trying to be funny?” Parang sinabi nitong incompetent siya. “Sorry, ha? Absent siguro ako n’ung tinuro ’yan sa training.”

“Marunong ka bang magmaneho?” tanong ng lalaki nang manahimik siya.

Nag-alinlangan siyang tumango. *Bakit ito interesado?*

“Dahil kasalanan mo kung bakit ako nasa ganitong pusisyon at importanteng makarating ako kaagad sa korte, kailangang tulungan mo akong makapunta d’un. Wala na akong oras pumunta pa sa presinto n’yo para maalis ito.”

Muling napatungo si Che.

“Nakikinig ka ba?” sita ng lalaki nang mapansing nakatingin ang kaharap sa sahig. “Kailangan kong magmadali.”

“Kung hindi mo kasi ako tinabig, hindi ko sana nabitawan ’yung susi,” wala sa loob niyang sabi at lumingon-lingon para hanapin iyon uli.

“Ako pa sinisisi mo?” Napakunut-noo ang lalaki. “Kung hindi mo ako dinakip basta-basta, hindi mangyayari ang lahat ng ito. You could have just talked with me and that would have cleared everything up,” ganti nito.

“Hay!” putol niya. “Alin ba diyan ang sasakyan mo?” sa wakas ay suko niya. Napatingin siya sa mga motorsiklong nakaparada.

Ayaw na niyang ipagdiinan pa nito ang kapalpakan

niya. Handa siyang iangkas ito sa motorsiklo nito.

“Ikaw yata ang nagpapatawa, eh.” Natawa ang lalaki na animo’y nanunuya nang makita kung saan siya nakatingin.

Napairap siya rito. Nauubos na ang pasensya niya. “Sabi mo ihatid kita.”

Tumaas ang mga kilay ng lalaki na parang sinasabi sa kanyang mag-isip. Paano niya ito iaangkas kung hindi ito makakakapit sa kanya?

“And’un ’yung sasakyan natin,” turo ng lalaki sa pamamagitan ng nguso.

Isang *Monterong* itim ang isa pang sasakyan nito.

At nalaman ni Che na sa naturang condominium building na pinasukan nila nakatira ang lalaki. May emblem na ‘Lawyer’ sa plaka ng sasakyan.

Napatingin siya rito. Gusto niyang isipin na abogado ito base sa naging pag-uusap nila kanina, sa judge na tumawag dito, pero...

Pupunta sa korte pero ang damit parang mamamasyal lang. Ni hindi man lang nag-ahit at nagsuklay.

“Pakikuha ’yung susi dito sa bulsa ng jeans ko.”

Nanatiling nakatingin lang si Che.

“Do your superiors always have to repeat themselves before you follow them?” tila inip nitong tanong.

“Hindi. Hindi naman kasi kita superior,” wala sa loob niyang sabi. Lumapit siya rito. “Aling bulsa?” Hindi niya maitago sa boses ang inis.

Naaasiwa niyang kinapa ang susi sa kanang bulsa ng pantalon ng lalaki. Naramdaman niyang nakatitig na naman ito sa mukha niya kaya binilisan niya ang pagdukot ng susi. Nag-iinit na ang kanyang mukha at likod ng mga tainga.

Kinailangan din niyang tulungan ang lalaki na makasampa sa passenger seat ng sasakyan dahil bukod sa mataas ang SUV, malaki itong tao. Literal na naging personal assistant at driver siya.

“Mabilis ka bang magmaneho?” tanong ng lalaki nang nakasakay na sila pareho.

“Gaano kabilis mo gusto?”

Dahil sa bilis ng pagmamaneho ay narating kaagad nila ang regional trial court sa kanilang lugar.

Nagmukha siyang police escort ng abogado dahil naging tagabitbit siya ng dala nitong portfolio bag.

Kahit ang mga tao sa korte ay parang nagtataka sa ayos ng kasama niya. Pagkatapos may kasama pang pulis.

Ipinaliwanag ni Che sa pinakaunang lumapit sa kanila ang nangyari at ipinaalis nito sa isang pulis na nakatalaga roon ang posas para magawa na ng abogado ang trabaho.

Naiintindihan na ni Che kung bakit pinagmadali siyang magmaneho at hindi na inisip ng lalaki na maalis muna ang posas at magpalit ng damit.

Umupo ang abogado at hinintay na matawag ang kasong hawak.

Sinamantala ni Che ang pagkakataon para umalis na sana habang abala ito.

Kung hindi niya makukuha ang pangalan ko, malamang hindi niya na ako marereklamo, nangiti niyang naisip habang papalabas.

“Tsk! Yung susi nga pala nasa akin pa.” Bigla niyang naalala ang *Montero*.

Walang nagawa si Che kundi bumalik at ipakiusap sana sa kabarong pulis na ibigay na lamang ang susi dito.

Biglang tumayo na ang abogado kaya siya'y napatigil. Pagkatapos ay binasa ng court clerk ang kaso laban sa nasasakdal.

“Tapos na?” naibulong niya. Mas matagal pa yata ang ibiniyahe nila papunta roon kaysa sa hearing.

Talagang napakahabang proseso bago maparusahan ang isang taong nagkasala. Arraignment pa lang ito o pagbabasa pa lang ng mga kaso laban sa nasasakdal at base sa alam niya, buwan pa ang bibilangin bago sisimulan ang paglilitis.

Nakasalalay lahat sa pagpipresenta ng mga katibayan laban sa nasasakdal at depensa ng mga abogado. Paanong hindi babagal ang takbo ng kaso kung napakatagal ng pagitan ng bawat pagdinig.

Nakaramdam siya ng pagkadismaya.

Kahit anong sipag nilang mang-aresto ng mga masasama, napakatagal bago maparusahan at minsan ay hindi pa nahahatulan.

Napatingin siya sa batang abogado.

Imbes na nasa field para manghuli ng masasama, andito siya at naantala ang trabaho. Naging personal alalay pa. Naisip niya ang Kuya Edmund niya na nasa escort unit ng *PNP*.

Ayaw niya ng trabaho nito—nagbabantay ng isang tao o iilang tao, umiikot ang buhay sa binabantayan.

“Eto o.” Nakasimangot niya tuloy iniabot ang susi ng *Montero* sa abogado nang muli itong nakaharap.

“That’s it?” tanong ng lalaki nang akmang iiwan na niya.

“I already apologized earlier, remember?” matamlay niyang paalala rito. *Ano’ng gusto nito, bayad-danyos?*

“If you still intend to file that complaint, you are free to do so,” dagdag niya nang mapansing parang may gusto pa itong sabihin.

“I am Police Officer 2 Sheryll Santos,” aniya. Sinabi rin niya kung saang istasyon siya nakatalaga. Agad siyang tumalikod nang wala nang narinig sa lalaki.

Wala na din siyang pakialam kung makakatanggap ng demerit dahil dito.

Para kasing bigla siyang nawalan ng gana pagkatapos makita ang loob ng korte.

2

Hindi mapigilan ni Marvin na mapangiti sa tuwing naaalala ang eksena sa paradahan ng condominium building.

Ang lahat ay hindi isang panaginip. Totoo ang kanyang *Wonder Woman*.

Naiisip pa niya kung gaano sila kalapit sa isa't isa.

“So close it literally hurt,” natatawang sabi ni Marvin sa sarili nang maalalang bukod sa pagkuha nito ng susi sa bulsa niya at pag-alalay sa kanya, puwersahan siya nitong pinadapa. Nabuhat niya ang bigat ni Sheryll Santos habang pinipilipit ng babae ang kanyang mga kamay.

Hindi niya inaasahang eksaktong-eksakto ang hitsura nito sa personal gaya ng mga nasa larawan at video clips.

Bahagyang nagulo ang nakapusod nitong buhok na sa picture ay umaabot ng limang pulgada lagpas sa mga balikat. Maaliwalas ang maliit nitong mukha at almond shaped ang mga mata. High cheek boned. Maninipis at mapupulang mga labi. Bahagyang bilad sa araw ang makinis nitong balat dahil na rin siguro

sa field work.

Bihira siyang humanga sa isang babae.

Sa totoo lang, akala niya ay wala nang babaeng makakapukaw pa ng kanyang atensyon matapos ang mga naging relasyon sa mga kababaihang tila kay bababaw ng dahilan ng pamamalagi sa mundo at rason kung bakit pinili siya. Mga makasarili.

Pero iba si Sheryll o Che. Hindi lang ito isang magandang mukha kundi kamangha-mangha rin ang karakter.

Naalala ni Marvin kung paanong taglay ni Che ang mga katangian ng isang ulirang myembro ng kapulisan. Dedicated, brave and willing to sacrifice herself for the safety of the civilians. Kamakailan lamang ay napigilan at nahuli nito ang mga salarin na nang-hostage din sa isang jewelry shop robbery.

Paano? Tumalon ito mula sa gusaling ang taas ay may apatnapung talampakan mula sa lupa para bagsakan ang nakatapat na hostage taker sa ibaba. Tagumpay at ligtas nitong nagawa kaya nabitiwan ng magnanakaw ang bihag at madaling nadisarmahan ang salarin at nahuli.

Sina Che at Lulu, na mga unang rumesponde sa pinangyarihan ng krimen, ay agarang na-promote

doon mismo. It was good publicity for the PNP. Lalo na nang kumalat ang video clip ng pagtalon ng dalaga na nakunan ng isang netizen.

Sayang dahil hindi humaharap sa camera si Sheryll o nagpapaunlak ng mga interviews kaya puro stolen shots ang nalathala.

Kaya noong engkwento lamang nila narinig ni Marvin ang boses ng dalaga. Noon lang din niya ito nakitang ngumiti dahil lagi itong seryoso at parang naiirita na sinusundan ng mga reporters. Kailangan pa tuloy niyang siguraduhin ang pangalan nito dahil nga laging tinatago ang mukha kapag kakapanayamin.

You must be crazy, Marvin! Dahil imbes na magalit sa pagkakamali ng babae ay tila ikinasaya pa niya ang ginawa nito kahit muntik na siyang mapilayan at mapagmulta ni Judge Alvarado.

Napalitan kasi ng paghanga ang inis na naramdaman niya. He was starstruck.

Kaya siguro niya ito hinahangaan ay dahil seryoso itong mahuli at maparusahan ang nagkasala. Bagay na pareho nilang adhikain.

“Sayang lang at mukhang hindi na tayo muling magkikita, Sheryll Santos,” napabuntunghiningang sabi ni Marvin habang palapit sa paboritong kapihan.

Sinubukan niyang puntahan ito sa istasyon kung saan ito nakatalaga. Ang kanyang alibi ay itutuloy niya ang pagsampa ng reklamo laban dito maliban na lang kung papayag itong kumain sa labas kasama niya at wala na siyang pakialam kung magmukha siyang desperado sa pamamaraan. Ang kaso, nadiskubre niyang nalipat ng assignment ang dalaga at kasalukuyang nagsasanay.

Nasaan ka na kaya? Dapat talaga nag-alok akong ihatid ka noon. Hindi pa rin niya maintindihan kung bakit nawalan siya ng lakas ng loob nang mga oras na iyon sa korte.

Laking gulat niya nang sa kanyang pagpasok sa kapihan ay mamataan sa pila sa counter ang iniisip.

Sheryll Santos?

Kailangang masiguro ni Marvin na hindi ito guni-guni kaya lumapit siya rito. Hindi kasi ito nakaunipormeng pang-pulis.

At parang hindi nito pansin ang paligid at seryosong nakatayo.

Katatapos lang mag-jogging ni Che sa kalapit na parke.

Naka-pink high singlet na pang-itaas ang dalaga

at may pagkahapit na black jogging pants na umaabot ang laylayan sa gitna ng mga tuhod at paa.

Bahagyang litaw ang hubog ng balingkinitan nitong katawan at kita ang firm and developed muscles sa mga braso't binti.

Nakasuot ito ng light pink highlighted white running shoes. Nakatali ang buhok nito at nakasabit ang puting tuwalya sa balikat.

“Yes, ma’am?” tanong ng barista rito.

Nalaman ni Marvin kung bakit tila may sariling mundo ang dalaga nang alisin nito ang earphones sa mga tainga bago nagsalita.

“Can I have a Slow Roasted Ham and Swiss Sand...”

“Hi, there! The usual?” putol dito ng barista nang mapansin siya.

Noon napagtanto ng binata na nasa harap na pala siya ng counter.

Gulat siyang napatitig sa barista. Napangiti ito lalo na animo’y kinikilig nang mapansing nakatuon ang buong atensyon niya rito. Iniwan nito nang tuluyan si Che para hintayin ang kanyang sagot.

“Ye...ees, please,” nag-alinlangang sagot ni Marvin, lalo na nang makita ang oras sa relo ng kapihan. Mahuhuli na naman siya sa dadaluhang pagdinig.

“Ah, excuse me?” Si Che na nakatingin sa kanya.

Kinabahan si Marvin. Nanabik. Alam niyang magkakausap muli sila. Tumingin siya sa dalaga at ngumiti pero mukhang hindi siya nito namumukhaan dahil nakatitig lang ito sa kanya... parang natulala pa nga.

Biglang naalala ni Marvin na taliwas ang ayos at suot niya sa huli nilang pagkikita.

Nakasuot siya ngayon ng isang tailored navy blue suit. Maayos ang buhok niya at nakapag-ahit.

“May pila!” inis na sabi ni Sheryll at inirapan siya.

“I know, but I’m going to be late so if you don’t mind...” Muli siyang ngumiti, umaasang maalala na siya nito.

“So I guess the rule doesn’t apply to you? First come, first serve?” Itinaas ng dalaga ang isang kilay.

“Of course, it does,” aniya. “Pero papasok na kasi ako sa trabaho,” dagdag niya para sana bigyan ito ng ideya kung sino siya. Hindi niya naiwasang muling

mapatingin sa suot nito at ang gusto talagang sabihin ay, *You really look delightfully different in that sporty but very feminine get up.*

“Huh? Ano’ng akala mo sa amin?” Tumingin ito sa ibang tao sa likuran nila na karamihan ay papasok din sa opisina. Parang lalo itong nairita. “Na wala kaming ibang pupuntahan? Na hindi mahalaga ang mga trabaho namin?”

Napansin niyang sumang-ayon ang mga nasa pila.

“Look, I’m sorry. You know I’m a prosecutor so I have to arrive on time in court. A lot of people depend on me,” sabi niya na lamang, umaaasang mas madali siya nitong maaalala sa sinabi.

“Oo nga pala, ’no? Baka mapawalang sala ang isang mamamatay tao kapag hindi ka kaagad makapasok.”

Napangiti siya. Naalala na siya nito.

“Okay, papasingitin na kita,” sabi nito at bahagyang ngumiti.

Natulala siyang tinitigan ito. Sana ay makita niya palagi ang ngiting iyon.

“Pero tanungin ko muna sila,” dagdag nito at

tumingin sa mga nakapila. Natigilan siya. “This is democratic country, after all. Dapat ang nakararami ang nagdedesisyon, di ba?”

Hindi napansin ni Marvin na napasimangot na siya rito. “Mga kababayan,” sabi nito na tila nagtatalumpati. “Papayagan ba natin si...” muling tumingin sa kanya. “Ano ulit pangalan mo?”

Bahagya siyang nagulat. Nakalimutan ba niya?
Or she didn't really care?

“Marvin,” naiinis niyang sagot.

If you listened during the arraignment then you'd know my name is Marvin Martinez, muntik na niyang idagdag.

“Papayagan ba natin si Marvin na isang prosecutor na late na sa hearing na basta na lang sumingit?” tanong nito habang nakaharap sa mga nasa pila.

Nakasimangot ang ilan.

“Itaas lamang po ang kanang kamay kung kayo ay papayag?” nakangiti pang dagdag ni Che na animo’y ikinagagalak ang takbo ng mga pangyayari.

Walang nagtaas ng kamay.

“Nagsalita ang masa,” sabi nito at ngumiti nang

napakatamis.

Parang sinasabing, ‘A self-entitled creep like you should be taught a lesson.’

“Here you go,” masayang sabat ng barista.

“You’re my savior...” wala sa loob niyang sabi sa barista nang abutin ang kanyang kape. “Marielle,” basa niya sa nameplate nito. Pinanindigan na niya ang pagiging *magulang* sa pila.

Lalong kinilig ang barista.

Naramdaman ni Marvin ang mga nakatatarak na titig ni Sheryll at naisip din ang pagkadismaya nito, pero tila masaya siya dahil doon.

At least, I got your attention.

Aalis na sana siya pagkatapos bayaran ang kape nang maisip na balikan si Sheryll at siguruhing hindi na siya nito malilimutan pa. Nginitian niya muli ito.

“Sheryll Santos, di ba?” Gusto niyang inisin pa ito.

Hindi ito sumagot at nanatiling nakatingin lang nang masama sa kanya.

“Alam mo, muntik na kitang hindi nakilala sa hitsura mo ngayon,” aniya. “Buti na lang sumimangot

Love Always Finds A Way - Dimples Antonio

ka,” dagdag niya habang nakangisi na animo’y lalong ipinaalam ang pagkapanalo kahit na gusto lamang niya talagang pagmasdan nakakatuwang reaksyon ng dalaga.

Padabog nitong ibinalik ang earphones sa mga tainga at hindi kumibo kaya lalo siyang natawa.

3

Naamoy muli ni Che ang pamilyar na pabangong panlalaki. *That sensual fragrance again*, naisip niya habang sinasamyo iyon.

Wala sa loob niyang nilingon ang pinanggalingan.

Nagulat siyang makita ang batang tagausig sa paglilitis kanina na nakatayo ngayon sa likuran niya.

Si Marvin Martinez.

Magtatanghalian na kasi at hindi pa siya binabalikan ni Lulu kaya naisipan niyang doon sa cafeteria ng korte kumain.

Hindi kasi siya puwedeng mag-commute dala ang kanyang napakahabang baril at ibang kagamitan bilang *Special Weapons and Tactics (SWAT)* member. Naalok silang sumali ni Lulu dahil sa kabayanihang ipinamalas sa jewelry shop robbery. Pagkatapos makapasa sa mga requirements ay sumailalim na sila sa mahigpit na pagsasanay.

Naitalaga ang kanilang pangkat na bantayan ang isang high profile na nasasakdal sa kasong hawak ngayon ni Marvin, kaya nagkita silang muli kanina

sa courtroom. At tila nang-iinis ang lalaki dahil nakangiting sinaluduhan pa siya nang sinalubong ang kanyang tingin.

“Bakit parang nakakita ka ng multo?” nakangisi nitong tanong nang magkalapit sila.

Ayaw niya itong kausapin. *Hindi ba ako puwedeng magkaroon ng katahimikan?*

Pero hindi pa rin nito inalis ang tingin sa kanya, tila naghihintay pa rin ng sagot. “Nakakita kasi ako ng himala,” napilitang sabi niya tuloy.

“You think us meeting again is a miracle?” Tumawa nang matunog ang abogado.

Inirapan niya ito dahil parang sinasabi sa kanyang hulog ito ng langit.

“Hindi,” seryoso niyang sagot. “Sa haba kasi ng pila dito, hindi ka sumingit. ’Ayun o, may oportunidad ka pa,” sarkastiko niyang sabi at itinuro ang harapan ng pila. “O dahil ba kilala ka dito kaya sumusunod ka sa mga patakaran?” Pero parang lalo lang naaaliw ang kausap.

“Ganyan ka ba talaga? Always stiff and formal?”

Nagtaka siya. *Bakit naman niya nasabi ’yun?*

“Depende kung sino kausap ko,” wala sa loob niyang sagot. Na totoo naman pero mas gusto niyang hindi nakikipag-usap.

Nagdesisyon si Che na humarap sa mga pagkaing pagpipilian kahit nakapili na siya ng kakainin kanina. Ayaw niyang nakikipag-usap na kailangang maging magiliw.

“May I join you?”

Nagulat pa si Che nang makita na namang lumapit sa kanya ang abogado.

Pagkatapos mabayaran ang biniling pananghalian ay hindi na niya ulit ito kinausap o tiningnan.

“Tumingin ka sa paligid, wala nang ibang bakanteng upuan,” nakangiti nitong sabi nang hindi siya sumagot.

Tanghalian kaya sabay-sabay na naroon ang mga empleyado ng Korte. Swerte lang talaga siyang nakahanap ng pwesto kaagad. Iniunat niya sandali ang kanang kamay at pinaupo si Marvin sa kanyang harapan.

“By the way, my client says thank you,” sabi nito nang makaupo na nang maayos. Mukhang alam nito

ang nangyari sa harap ng gusali ng korte kanina.

Kaya siya naiwan dahil kinailangan niyang magsulat ng report tungkol sa tangkang pagpatay ng kliyente nito sa kanilang binabantayan.

Nagawa niyang agawin ang baril bago pa man naiputok sa nasasakdal.

Napatitig siya sa abogado dahil nag-aalala siya para sa kliyente nito. “Ano na’ng mangyayari sa kanya?” malungkot niyang tanong. “Hindi naman niya siguro talaga ginusto ’yun.”

Umiling ito. “I’m afraid I can’t discuss the case,” sagot ng kaharap.

She sighed heavily. Masisisi nga ba niya iyong anak ng napatay ng subject nila? Siyempre, kaya siya nasa Kapulisan ay dahil naniniwala pa rin siya sa batas. Pero paano mo nga ba kukumbinsihin ang isang agrabyadong namatayan na may hustisya pa rin sa mundo?

“Hindi ko inaasahang naging miyembro ka pala ng *SWAT*. Kaya pala nawala ka.”

Napatingin si Che sa binata.

“Huwag mo naman akong tingnan nang ganyan. Hindi ako stalker.” Natawa ito.

Bigla itong sumersyoso. “Honestly, I really intended to file a complaint against you but decided to be patient... para makaisip ng mas magandang paraan para singilin ka sa ginawa mo.”

Namilog ang mga mata niya. Kung inireklamo siya nito, malamang hindi siya nakapasok sa *SWAT* unit.

Baka hindi talaga ako para dito.

“Just kidding. I just want to make you laugh,” bawi ng abogado at ngumiti.

Pero nanatili siyang nakatingin dito.

“Sa totoo lang, bagay ka diyan kasi ang taas ng intensity mo sa trabaho. Seryoso ka palagi,” patuloy nito, bahagya pang tumango.

Napatanga si Che dahil parang sinagot nito ang iniisip niya. Natawa ang binata, siguro sa reaksiyon niya.

“Forget what I said, okay? If I let my ego drive me, then I would not have let you get away with pinning me down. Di hamak na mas malaki’t mas mataas ako sa iyo ’tapos—”

“Actually, I wished you have,” malungkot niyang putol dito. Parang nagulat ito sa narinig.

“I mean, you should have filed that complaint. You see, I’m not sure if joining *SWAT* is what I really want. The complaint could have hindered my appointment.”

Naisip ni Che, paano nga bang prinotektahan niya ang isang mamamatay tao kanina. Dahil sa trabaho? Parang labag iyon sa lahat ng kanyang prinsipyo.

Natigilan siya. Napakunot-noo. *Bakit ko ba sinasabi sa kanya ang mga nararamdaman ko?*

“Sabi nga ng writer na si Paulo Coelho, ‘We can control our destiny, but not our fate. We have choices to fulfill our destiny but our fate is sealed,’” sabi nito.

Sinong Paulo? Lalong napakunot ang kanyang noo.

Hindi siya mahilig magbasa ng mga libro. Mas gusto niyang nanonood ng mga pelikula at teleserye. Natatagalan siya sa panahon na magugugol sa pagbabasa kaya ginagawa lamang iyon kapag talagang kailangan, hindi bilang libangan.

Pero napaisip si Che. *Ano nga ba ang destiny ko? Fate? Hindi ba pareho lang iyon?*

“I didn’t mean to upset you. Sa tingin ko, hindi

ka mapupunta diyan kung hindi ka nakatalaga para diyan,” sabi nito nang mapansing nanatiling nakakunot ang noo niya.

“Tulad ko. Alam mo ba, gusto kong maging professional drummer pero dahil nagmula ako sa pamilya ng mga lawyers, inaasahang maging abogado din ako kaya nandito ako. And so far, I think it’s okay,” patuloy nito.

Hindi niya alam pero may napansin siyang kalungkutan sa mga mata nito.

Ano ba’ng paki ko? Hindi ko naman siya pinilit sabihin ang mga saloobin niya.

Naalala niya bigla kung paano pinahanga ni Marvin kanina ang mga tao sa korte. Nasa dugo pala nito ang pagiging abogado. Guniguni lang yata niya ang nakitang kalungkutan dito.

Sumagi sa isip ang sinabing pangarap nito.
Drummer?

Naisip niya ang binata na kasali sa isang marching band group. May mga pakpak pa sa sumbrerong suot at naglalakad sa malawak na field habang nagtatambol, pinangungunahan ang mga prusisyon tuwing piyesta.

Natawa siya sa naisip.

“What? I really want to play in a band. ’Yung rock band, ha,” klaro nito sa masigasig na tinig, nakangiti. Parang nahulaan nitong ibang banda ang nasa isip niya. “Ikaw, kung wala ka sa Kapulisan, ano ka?” usisa nito.

“A flight attendant,” sagot niya. Iyon naman talaga ang trabaho niya dati. Ayaw siyang payagan ng tatay nila na pasukin ang pulisya kahit naiinggit siya sa kanyang mga kuya na pawang mga *PNP Academy* graduates. Tuloy, Bachelor of Science in Tourism Major in Travel Management ang tinapos niya bilang masunuring anak.

“Talaga?” Parang nagulat ang abogado. “I believe you can always go back to that job. You just have to let everyone see that cute smile.”

Sarkastiko siyang natawa. *Kaya pala madaming babae ang nahuhumaling dito, ang galing mambola.*

Naalala niya kung paanong napatanga rito ang mga kababaihan sa coffee shop noon. Baka iyon din ang dahilan kaya walang masyadong nagreklamo kahit inuna ito ng barista. At sa korte kanina, sigurado siyang maraming nadagdag na tagahanga ang binata.

Pero mas natawa siya dahil talagang ipinapakita

niya sa lahat ang kanyang mga ngiti noon sa airlines kahit ngalay na ang mga muscles niya sa mukha at iba na ang nararamdaman.

Kaya nga ako nagsawa't napagod, eh. Wala na akong ginawa kundi ngumiti, parang gusto niyang isagot.

Hindi niya namalayang nakasimangot na naman siya.

“By the way, my name is Marvin Martinez,” pakilala nito at inilahad ang kamay nang nanatili siyang tahimik.

Tiningnan niya lang ito. Gusto niyang sabihing, *alam ko*, pero hindi pa nga pala sila pormal na nagkakilalang talaga sa kabila ng dami na nilang beses na nagkita at nagkausap.

Kaya sa wakas ay kinuha niya iyon para makipagkamay. “Sheryll Santos.” Ibinigay niya ulit ang pangalan kahit alam niyang alam na nito. Nahawakan niyang muli ang malambot na palad ng lalaki.

Pero ang hindi niya maintindihan ay kung bakit may naramdamang init na kumalat sa kanyang buong katawan nang nagkadaop ang kanilang mga palad.

Napatitig siya sa mga mata ng abogado. Nagulat siya sa nakita roon. Tila naramdaman din nito ang kuryenteng dumaan sa kanya.

Hindi rin niya maintindihan pero parang ayaw niyang bitawan ang kamay nito. At parang gayundin si Marvin. Tahimik silang nakatingin lang sa mga mata ng isa't isa.

“Che!”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng tinig at awtomatikong bumitiw sa kaharap.

Nagliwanag ang mukha niya nang makita ang Kuya Edmund niyang kumakaway sa tabi ng counter.

“Kuya!”

Kanina pa niya gustong may makausap tungkol sa naglalabang saloobin at nararamdaman. Sa tingin niya ay ito ang pinakamakakaintindi sa kanya.

“Please excuse me,” paalam niya kay Marvin.

Nilapitan kaagad ni Sheryll ang kapatid at niyakap ito nang mahigpit.

“Wow!” Si Edmund. “Ang tikas natin, ah,” bati nito at tiningnan siya mula ulo hanggang paa.

Umikot siya para ipakita ang uniporme. “Lalo na

pag nakita mo rifle ko,” aniya. “Astig!” Bigla siyang natigilan. “Bakit ka ’andito?”

“Dinadalaw ka?” Natawa sila pareho sa corny nitong patutsada. “Alam mo naman ang trabaho ko,” sabi nito. May inihatid daw itong bisitang high profile, pinuno ng isang bansa. Isa sa pinuntahan ang probinsya kung saan ito nakatalaga. Naatasan itong masiguro ang kaligtasan at maibalik sa embassy nito ang dayuhang presidente. Dumaan ito sandali roon dahil may may iniabot sa isang kawani.

“Kuya, ako din may binantayan kaya ako ’andito.”

Napansin yata nito na malungkot siya.

“Sige, bro. Pakihanapan na lang din ako ng upuan,” sabi nito sa kasamahang nasa pila.

“Pagkatapos?” ani Edmund, at niyaya siyang lumapit sa mahabang bangko di kalayuan sa kainan. “Nagawa mo naman nang maayos?” patuloy nito nang makaupo sila.

“Kuya, high profile murderer ang pinabantay sa ’min,” malungkot niyang patuloy.

“Eh, di mas dapat mong bantayan. Para siguruhing hindi siya makakatakas.” Parang ipinapahiwatig nito na mas mabigat ang responsibilidad na iyon.

“Kaso, Kuya, kanina may nagtangka sa buhay niya. Alam mo kung ano’ng ginawa ko?”

“Iniligtas mo siya,” sagot nito.

Tumingin lang siya rito.

“I’m proud of you, Che,” nakangito nitong saad.

“Pero, Kuya, anak n’ung pinatay niya ’yung nagtangkang bumaril sa kanya. Kung ako ’yun at kilala ko din ang pumatay kay Tatay, baka ginawa ko din ’yun o mas malala pa,” nanggigil niyang sabi.

Nalungkot din si Edmund.

Nasawi ang kanilang ama sa isang bus robbery. Malapit na itong magretiro sa serbisyo noon. Pinagtulungan at nasaksak ang tatay nila nang rumesponde kahit off duty dahil nagkataong pasahero rin ito sa nasabing bus. Dead on the spot. Wala man lang tumulong sa dami ng nakasaksi. Nakatakas ang salarin nang ganoon-ganoon lang.

Hanggang sa huli ay inisip pa rin nito ang kapakanan ng iba. Ang paglilingkod sa bayan.

Hinawakan siya sa balikat ni Edmund.

“SWAT,” basa nito. “Alam mo bang gusto ko din d’yan noon?”

Napatingin siya rito. Iniiba nito ang usapan.

“Perfect ang scores ko sa lahat, kaso pagdating sa *SWAT-PAT*, pinulikat ako. Hindi ko natapos.” Natawa ito nang maalala ang senaryo nang subukan ang sinasabing Physical Agility Test na isa sa mga requirements para makapasok sa *SWAT Training Program*. “Hindi kasi ako nakapaghanda kaya nabigla ang mga muscles ko,” kuwento ni Edmund.

“Kuya...” Mas importante sa kanya ang assignment na labag sa kalooban. Iyon ang gusto niyang pag-usapan.

“Akala ko kasi ang escorting ang pinakawalang kalatuy-latoy na trabaho ng isang pulis. Pero hindi, eh. Kahit isang tao lang ang binabantayan mo, umiikot ang mundo ninyong lahat sa taong iyon, ito ang pinaka-demanding at importanteng assignment,” patuloy nito.

“It is not all about safeguarding one person... because while you are protecting that single person, you are also protecting hundreds, even millions of people through him. He has an important role. What if he, too, is saving lives with every decision he makes? So to make sure he does his job, you keep him safe. By saving that one person’s life, you’re also saving those other lives.”

Napangiti siya kahit paano sa sinabi nito. Sa pagtatanggol nito sa trabaho. Pero ibang kaso iyong sa kanya.

“Sa kaso mo, binabantayan mo ang isang akusado...” Parang nabasa nito ang kanyang iniisip at binigyang-diin na hindi pa napapatunayang nagkasala ang taong iyon kaya dapat manatiling patas.

“Accused of being a murderer? Habang pinananatili mo ang kanyang kaligtasan, sinisigurado mong malilinis niya ang pangalan niya kung talagang inosente siya. Paano kung wala nga siyang kasalanan? What if he’s victim of trial by publicity?”

Mapapabilang ito kung ganoon sa statistics ng mga walang saysay ang pagkamatay. Bagay na nilalabanan niya noon pa kaya siya umalis sa airlines at nagpulis. Naniniwala siyang isa ang tatay nila sa mga biktima nito.

“Kung guilty siya, eh, di dapat siyang maparusahan. Paano mangyayari ’yun kung hahayaan natin siyang mapahamak bago pa niya matanggap ang parusa niya?” Hindi na ipinapatupad ang death penalty.

“Madaling kumitil ng buhay. Ano pa ang ipinagkaiba natin sa kanila kung hahayaan lang nating mamatay ang mga kriminal bago pa sila

maparusahan?”

Words of enlightenment, iyon ang kailangan niya upang maibsan ang nararamdamang bigat sa dibdib. Napangiti siyang muli, mas gumaan na ang pakiramdam.

“Ang puwede na lamang nating gawin ay ipagdasal na magaling ang tagausig ng kaso,” sabi ng kuya niya.

Napatingin silang dalawa sa dumaan.

Si Marvin na nakangiti at sumaludo na naman sa kanya bago tuluyang umalis.

Tumango lamang siya rito. Tiningnan siya nang makahulugan ni Edmund.

“Kuya, tigilan mo ’yan,” umiiling niyang sabi. Alam niya ang iniisip nito.

“Di ba kasama mo siyang kumakain kanina?” Nanunukso ang mga mata nito.

“Nagkataon lang na wala nang ibang upuan sa dami ng kumakain,” depensa niya.

“Sino ba ’yun?”

“Prosecutor sa kaso n’ung subject namin,” sabi niya. “And I really hope he is a damn good one.”